Republic of the Philippines
**Department of Environment and Natural Resources**
**MINES AND GEOSCIENCES BUREAU**
**MIMAROPA Region**
7/F DENR Building, 1515 Roxas Boulevard, Ermita, Manila
Telefax No. (+632) 536-0215 / (+632) 310-1369
Email: region4b@mgb.gov.ph

ISO 9001:2015 CERTIFIED

25 Enero 2022

**Ginang Jocelyn Diomampo**
Diomampo CHB Making Project
Barangay Ligaya, Sablayan
Occidental Mindoro
*diomampojocelyn25@gmail.com*

**Ginang J. Diomampo:**

Ito ay patungkol sa inyong Liham na may petsang ika-18 ng Disyembre 2021 hingil sa inyong pakiusap na mabigyan ng pagkakataon na maituwid ang mga paglabag sa batas ng inyong negosyo sa pagbubuhangin sa probinsya ng Occidental Mindoro.

Ang nasabing liham ay pinasa sa aming tanggapan noong 21 Disyembre 2021 ng Department of Environment and Natural Resources – MIMAROPA para sa aming nararapat na aksyon.

Kaugnay nito, nais po naming ipaalam na ang aming tanggapan ay hindi nagpataw ng anumang multa sa inyong operasyon sa pagbubuhangin.

Maari kayong sumulat o makipagugnayan sa opisina ng Environment and Natural Resources Office – Occidental Mindoro o sa Provincial Environment and Natural Resource Office – Occidental Mindoro patungkol sa inyong kahilingan.

Lubos na gumagalang,

**EDWIN M. MOJARES, Ph.D.**
OIC - Regional Director

cf:

**The Regional Executive Director**
Department of Environment and Natural Resources
MIMAROPA Region

**The PENRO and Concurrent Acting PMRB Chairperson**
Provincial Environment and Natural Resource Office
Department of Environment and Natural Resources
Mamburao, Occidental Mindoro

**The Environment and Natural Resources Officer**
Provincial Government of Occidental Mindoro
Environment and Natural Resources Office
Mamburao, Occidental Mindoro

012522-R04B-0160 Letter 1/25/2022
MINES AND GEOSCIENCES BUREAU MIMAROPA Region

12/20/21, 4:47 PM received_1093640698061803.jpeg (720×960)

Dec. 18, 2021

Maria Lourdes G Ferrer, CESO III
Regional Director

Kalakip po ng sulat o liham na ito ay ang paghingi ng paumanhin sa inyong tanggapan kaugnay sa di namin inaasahan na kami ay may malabag na panuntunan na may kaugnayan sa aming negosyo o hanapbuhay.

Kaalinsabay po sa kakulangan namin ng impormasyon ukol dito, kami po ay tiwalang hindi makalalabag sa mga batas at alituntunin sa dahilang kami po ay bumibili lamang ng buhangin at pawang mano mano lamang ang aming munting establisyemento at di gumagamit ng anumang makinarya na magdudulot ng polusyon o maruming kapaligiran.

Kung kaya't sa kabila po ng aming kakulangan at kaalaman ukol sa mga bagay na ito, kami po ay nakikiusap na bigyan pa ng isang pagkakataon na maituwid ang lahat ng pagkukulang at ang salaping amin sanang imumulta ay sya naming igugugol sa pagsasaayos ng mga kaukulang mandato ng inyong tanggapan, upang kami man ay makatulong di lamang sa pamahalaan kundi na rin sa ating Inang kalikasan.

Maraming salamat po.

**JOCELYN DIOMAMPO**
Owner
Diomampo CHB Making Project
Barangay Ligaya, Sablayan, Occidental Mindoro

SUBSCRIBED AND SWORN TO BEFORE ME THIS_____ DAY OF 06 MAY 2019, IN THE MUNICIPALITY OF SABLAYAN, OCC. MINDORO

ATTY. MERVIE E. SILVERIO
Notary Public
Until December 31, 2020
ATTORNEY'S ROLL NO. 68003
IBP NO. 016948
PTR No. 3357817
MCLE Compliance No. VI-0016804

Doc. No. 371
Page No. 98
Book No. XIX
Series of 2019